# Ayoko nang bumalik sa Busan/Pilipinas

*Gerard Concepcion*

Marso 2020: Ayoko nang bumalik sa Busan. Isa kasi ang South Korea sa may pinakamaraming kaso ng COVID-19 sa Asya. Ito kasi ang ikalawang semestre ko bilang visiting professor para sa Filipino Program ng Busan University of Foreign Studies. Sa totoo lang, handa na akong magmukhang masama dahil pinaplano kong huwag nang sumipot. Nag-iisip na ako ng kung ano-anong dahilan na sasabihin sa departamento at sa BUFS para maging legal ang hindi ko pagpunta sa Marso. Binigyan ako ng deadline ng aming dean. Iniusog din ang pasukan sa BUFS ng Marso 16, ngunit kailangan kong dumating sa Busan ng Marso 1. Kailangan ko muna kasing mag-quarantine ng dalawang linggo para matiyak na wala akong sakit. Inisip ko na lang na siguradong magiging online naman ang klase kaya sige na lang, bahala na si Batman.

Kahit pa ayaw na akong pabalikin sa Busan ng asawa ko, nagkaroon pa rin kami ng debate sa pros at cons ng sitwasyon. Ang verdict, mas magiging komplikado ang status ko sa Unibersidad ng Pilipinas: wala akong load na maituturo sa departamento dahil pasukan na, maba-bad shot pa ang imahe ng UP sa memorandum of agreement nito sa BUFS, masisira pa ang nasimulang agenda ni sir Jovy sa BUFS, at baka ito pa ang maging mitsa ng pagiging persona non grata ko at tuluyan nang ma-ban sa bayan ng samgyeopsal at kimchi.

Mukhang ready naman ako sa laban. May dala akong 5 buwang supply ng vitamins at maintenance medicine para sa hypertension, 4 na kahon ng face mask, 5 bote ng alcohol, 4 na face shields, 30 pirasong lata ng Century

tuna, at lakas ng loob. Sa totoo lang, ito ang kauna-unahang pagkakataon sa tanang buhay ko na naging obsessive-compulsive at paranoid ako sa loob ng eroplano. Dahil halos puno ang flight PR418, iniisip ko na isa sa mga pasahero ay asymptomatic. Isang ubo lang, todas na kaming lahat. Liban sa suot kong double face mask, kada 10 minuto ay nag-i-spray ako ng alcohol sa ulo at katawan ko, ligong-pato ng alcohol kumbaga. Hindi rin ako uminom ng tubig para iwas punta sa lavatory. Kaso, 'di talaga napigilan e. Mga dalawang oras at kalahati sa flight, ayun naiihi na ako. Lakas-loob na lang akong naglakad patungong lavatory mula 43C. Isang malaking inhale ang ginawa ko bago pumasok, para wala nang hingaan sa loob. Maluwalhati naman. Ligo uli ng alcohol sa ulo, katawan, kamay, pagbalik ko ng upuan. Naalala ko yung tanong sa akin ni sir U nang magkita kami noong Biyernes sa department, ba't ka pa babalik sa Busan?

Katatapos pa lamang ng winter season sa Busan. Kahit mas mainit dito kompara sa Seoul, malamig pa rin ang hangin paglabas ng Gimhae Airport. Plano ko talagang huwag mag-subway, iwas sa maraming tao. Ipinakita ko na lamang sa taxi driver ang adres ng apartment ko gamit ang Alien Registration Card ko. Matapos niyang ilagay ang dalawang bagahe ko sa trunk, sa dulong kanan ng back seat ako naupo para iwas langhap sa hininga ni ahjussi. Mabuti nang maingat. Mga 5 minuto matapos naming makaalis ng airport, tinanong niya ako kung ilan na raw ang kaso ng COVID-19 sa Pilipinas. Chon (1,000) na lang ang isinagot ko. Nagkuwento pa siya ng kung ano-ano na di ko naman gaano naintindihan. Pero sa unawa ng broken Korean ko, sinasabi niyang marami na ang mga kaso sa South Korea. Kahit pa naka-mask siya, huwag naman sanang marami ang virus load na naikalat niya sa loob ng taxi.

Bago pumasok ng apartment, pinaliguan ko ng alcohol ang mga bagahe ko at ang suot kong damit. Bago mag-shower, nag-message muna ako sa Pasay para malaman nilang nakarating na ako sa apartment. Pagkatapos, agad kong nilabhan ang maruming damit ko. Dati, lumalaban ang paglangitngit ng washing machine sa ingay ng tawanan at chikahan ng mga kabataang nakatambay sa labas. Wala na rin ang maya't mayang pagputok ng tambutso ng mga nagmamadaling delivery motorbike. Mula sa bintana ng apartment ko, isang pusa lang ang nakita kong nakaupo sa tapat ng CU, ang convenience store sa harap. Mukhang hindi na magiging

exciting ang pamimintana ko sa mga nagdaraang tao mula dito sa room 603. Malayo sa itsurang iniwan ko noong Disyembre 2019.

Bukod sa minsanang paglalaba, Netflix, video call sa pamilya, at pakikipagkuwentuhaan sa mga kaguro't kaibigan lang ang naging libangan ko. Nagsawa rin ako sa kakakain ng sardinas tatlong beses sa isang araw. Parang 30 oras ang bawat araw ng unang linggo ng quarantine ko. Pakiramdam ko ayos naman ako, hindi naman ako sinisipon, wala akong lagnat, wala rin akong ubo. Sobrang bored lang talaga. Sa totoo lang, gusto ko nang lumabas ng lungga at kumain ng odeng. Nang kinamusta ko ang mga kapitbahay kong visiting professors din, pare-pareho pala kami ng sentimyento. Mga preso raw sa banyagang bansa. Nang tanungin ko kung puwede ba kaming lumabas kahit sandali, babala ni Professor Nana na may fine na 10,000,000 Won sakaling mahuhuli ako. Nalimutan ko na sa halos bawat sulok ng South Korea ay may CCTV. Kaya mukhang maling ideya yung naisip ko. Dahil nauubos na rin ang natitira kong bigas at sukang-suka na ako sa sardinas, minabuti kong makisuyo kay Professor Maun para magpadeliver ng groceries. Bukod sa wala akong account sa Coupang, ay hindi rin ako maalam paano ang proseso. Ang kagandahan sa South Korea, halos 24 oras araw lang ang paghihintay ng groceries, at napakaepisyente nila rito. Naitawid naman ng aking 2 kilong manok ang 7 araw na natitira pa sa quarantine ko. Ikot-ikot lang ang ulam ko depende sa kung anong ingredients meron ako – nilaga, prito, adobo, sinabawang samjjang, tapos ginagawa kong sopas yung buto ng petso. Nakatulong din sa pagtitipid kahit papaano ang quarantine.

Gaya nang inaasahan ko, online nga ang klase sa BUFS. Sa una, sobrang nangapa ako sa Learning Management System na gamit nila. Bukod na nasa Hangeul ang contents at user interface, ay wala silang training na ibinigay paano ang pasikot-sikot nito. Mababait naman ang mga jogyo (assistant) at sila ang tumutulong sa aming mga visiting professor. Wala akong problema sa internet connection sa South Korea. Ang problema ko lang, mahirap palang kulitin ang mga Koreanong estudyante ko na magbukas ng camera tuwing zoom. Pakiramdam ko nga habang naglelecture ako, ay natutulog pala sila o kaya ay wala na pala sa harap ng laptop. Naging palaisipan sa akin ito bakit ganun sila. Nang magkuwento ako sa mga kaguro ko sa BUFS, pareho pala kami lahat ng karanasan! Isang araw, dahil talagang

kating-kati na akong malaman ang dahilan, personal kong kinausap ang dati kong mga estudyante na nakabisita na sa Pilipinas. Nahihiya raw kasi sila. Ha? Bakit? Nahihiya raw silang mauna magbukas ng camera dahil hindi nila kilala ang mga kaklase nila; at nahihiya raw silang magbukas ng camera kasi "mukhang" bagong gising sila. Naisip ko: "woke up like this ang peg nila," which equals to "medyo malayo nga sa itsura nila kung naka-make up." Para maibsan ang "hiya" nila, ipinasok ko ang konsepto ng "pilit." Pinilit ko silang magbukas ng camera dahil sinabi ko na: sakaling papasok sila sa zoom class namin nang nakasara ang camera, kakanta sila ng Leron Leron Sinta. Simula noon, wala naman akong narinig na kumanta. Maraming best practices ang naipagkait ng zoom sa amin. Liban sa mas engaging at mas interactive pa rin para sa akin ang pisikal na klase, pakiramdam ko ay parang synthetic ang dating ng zoom class. Bagaman nakikilahok naman sila sa mga diskusyon at mga gawain, iba pa rin yung nag-uusap kami nang harapan sa klasrum. O baka ako lang ito na naninibago at hindi sanay sa online teaching. Sabagay, lahat naman ay hindi sanay ngayong pandemya.

Mga bandang Mayo, medyo nagkalakas ng loob na akong lumabas-labas at magsimba. Rason ko, mababa ang mga kaso ng COVID-19 sa Busan. Naglalaro lang sa 0 hanggang 10 bawat araw. Dagdagan ko pa ng pag-iingat, mukhang "safe" naman. Baby steps ang ginawa ko: kain ng odeng sa tabi ng apartment, pagbili ng grocery sa Topmart (na 250 metro lang ang layo sa apartment ko), at lakad papuntang BUFS (para doon mag-zoom class). Mukhang seryoso naman ang mga Koreano, halos lahat ay naka-mask liban na lang sa iilang ahjumma at ahjussing nagchichikahan sa kalsada. Mahusay din ang protocol nila. Maya't maya ay may text message para iulat ang route ng mga nagpositibo sa sakit. Nakalagay dito kung saan sila nagpunta at anong oras. Kaya, madaling malalaman at makokontak ang mga indibidwal na maaaring nakasalamuha niya. Sa mga restaurant naman, may contact tracing form na kailangang pirmahan o QR code na kailangang i-scan.

Malayo ang simbahan ng Filipino community mula sa apartment ko. Dalawang lipat ng subway mula Namsan hanggang Sasang. Sa halos isang oras ng biyahe, paranoid na naman ako. Palagi akong nagmamasid sa mga kasabay ko. Nakagawa pa nga ako ng kategorya ng mga Koreano ngayong pandemya: A) Mabuti at mahusay ang pagkakasuot ng face mask; B) Naka-face mask pero litaw ang ilong; C) Naka-face mask pero ibababa

kung may kausap sa telepono. Itong mga nasa B at C, kadalasan matatanda. Kahit pinagsasabihan sila ng mga dumaraang martial sa loob ng train, inuunahan ko nang umiwas sa kanila. Sa totoo lang, nakaka-miss din kasing magpunta sa simbahan: liban sa lingguhang gawain ko ito, dito lang din ako nakararanas na may makausap na kapwa Pilipino. Ito yung isang espasyo ng Pilipinas sa Busan.

Hindi naman “maka-langit” ang usapan namin pagkatapos ng misa. Kumustahan ang karaniwang paksa. Nalaman ko na halos karamihan sa kanila ay nawalan ng trabaho dahil sa pandemya. Para makaraos, pinapasok daw nila ang pag-a-areubaiteu. Ito yung mga part time job na ayaw ng mga Koreano kaya kadalasang foreign immigrants ang gumagawa. Mula sa pag-aani ng sibuyas hanggang sa paglilinis ng mga babuyan, masaya nilang gagawin yun para may maipadala sa Pilipinas. Sa tuwing tatanungin nila ako ng “Ikaw prof, kumusta ka?” ay sasagutin ko na lang ng: “eto, pumayat.” Sa totoo lang, nahihiya akong ikompara ang ginagawa kong trabaho sa trabaho nila. Ayokong isipin na masuwerte pa rin ako kahit papaano, pero mas gusto kong sabihin na di ko kayang gawin ang trabahong ginagawa nila. Nalaman ko na ang mga undocumented na mga migranteng Pilipino ang pinakanaapektuhan ng pandemya: di sila basta-basta makapaghanap ng trabaho, at limitado lang sa referral ng kapwa Pilipino ang maaaring mapasukan.

Kahit may pandemya sa South Korea, ang dami kong hinangaan sa bansang ito. May seryosong pa-ayuda ang gobyerno sa mga naapektuhan ng pandemya. Cash card ang ibinibigay at kailangan mo itong ipambili ng grocery sa minor grocery stores. Ang katwiran: para makatulong sa mga naghihikahos na negosyo. Liban sa mga drive thru swabbing, nabalitaan ko rin na walang babayaran sa ospital sakaling magkasakit ng COVID-19 ang isang indibidwal. Dahil nagbabayad ako ng tax at medical insurance, sakop ako nito. Tapos sa Pilipinas, circus. Palagi akong nanonood ng balita sa Facebook, at napapa-shit na lang ako.

Bandang kalagitnaan ng Hunyo 2020, lalong lumala ang sitwasyon ng Pilipinas. Nakansela ang pag-uwi ko sana para sa summer vacation. Bukod sa wala nang commercial flights mula South Korea papuntang Pilipinas, nagkaroon ng masalimuot na proseso ang mga nais lumabas ng bansa.

Kailangan ko nang mag-file ng exit permit. Ibig sabihin, kailangan ko ng mabigat na dahilan para makalabas at makabalik ng South Korea. Nauunawaan ko naman ito dahil naghihigpit nga dahil sa pandemya. Hindi naman sa natutuwa ako, mas naging kongkreto lang ang dahilan ko na huwag munang umuwi ng Pilipinas. Ang naging usapan nga naming mag-asawa, sana pala ay sumama na silang mag-ina sa akin noong Marso. Wala na rin akong choice ika nga kundi ang manatili sa Busan hanggang Disyembre. Hindi ko alam pero minsan, ginusto kong magtanggal ng face mask sa subway, langhapin ang hangin sa mga convenience store, o magparty-party sa Seomyeon at Haeundae. Mas pipiliin ko nang magka-COVID-19 dito kaysa sa Pilipinas. Bukod sa libre ang gamutan, siguradong magkakaroon na ako ng antibodies at hindi na mahahawa sakaling umuwi na ako.

Gaya sa unang semestre, online pa rin ang klase sa ikalawang semestre sa BUFS. Nakapag-adjust na ako kahit papaano at nakaisip ng iba pang mga pakulo para sa klase. Mukhang kontrolado na rin ng South Korea ang COVID-19. Hindi lumalagpas sa 100 ang mga bagong kaso araw-araw. Naging usap-usapan pa nga sa unibersidad na baka payagan na ang pisikal na klase kung hindi tataas ang mga kaso ng nagkakasakit. Bagaman pinangangambahan ng gobyerno ang paglobo ng mga kaso lalo na sa pagpasok ng autumn at winter, kailangan siguro subukang maibalik na ang normal sa lahat.

Oktubre nang magbaba ng desisyon ang BUFS para sa muling pagbabalik ng mga pisikal na klase. Siyempre ang gameplay, dapat naka-face mask ang lahat habang nagkaklase. Mahirap pala. Bukod sa naaamoy ko ang sarili kong panis na laway sa mask, may ilan akong estudyante na hindi kayang dumalo dahil nasa kani-kaniyang mga bayan sa labas ng Busan. Ang solusyon ng unibersidad – buksan ko ang laptop ko at i-zoom nang live ang nangyayari sa klasrum. Ibig sabihin, may kausap ako nang pisikal, may kausap din ako sa zoom. Keri naman kung tutuusin, pero times two ang effort. Sa tuwing pag-uwi ko, isang oras na lang ang usapan namin ng mag-ina ko sa video call dahil wala na akong boses, at kailangan ko pa itong ipahinga para sa panibagong klase kinabukasan. Liban dito, naging problema ko rin kung saan mananaghalian. Dahil sa pandemya, hindi binuksan ang dati kong kinakainan na murang cafeteria sa BUFS. Kaya, Mini Stop at baon lang ang opsiyon ko. Ganito ang ginagawa ko: gigising ako nang maaga

para makapagluto ng brunch, at bibili ako ng isang samgak kimbap sa Mini Stop para sa meryenda. Kinompyut ko na ito, tipid pa rin kung tutuusin.

Ipinatigil ang pisikal na klase sa mga unibersidad sa South Korea noong kalagitnaan ng Nobyembre. Iniulat na naging masama raw ang pagkakaroon ng mga haloween party sa mga pub. Sa palagay ko, medyo naging kampante na rin ang mga Koreano dahil sa mababang kaso ng COVID-19 sa bansa. Lumobo ng 1,000 pataas ang mga bagong kaso ng COVID-19 bawat araw sa South Korea. Napilitan na naman akong i-tweak ang lahat ng mga naihanda kong gawain para sa klase. Naisip ko, mukhang di pa talaga kaya. Nandiyan pa rin ang banta ng COVID-19. Nagtapos din ang ikalawang semestre nang online.

Nobyembre rin nang kausapin ako ng dean namin. Sinabi nya na nagdesisyon daw ang administrasyon na hindi na tatanggap ng mga first year student para sa Filipino Program sa Marso 2021. Naisip ko, ha? Ganun-ganun lang? So, papatayin na nila ang program? Tama ang sabi ni sir Ron, mabilisan ang lahat sa mga Koreano. Ito pala yung "pali pali culture" na malalaman ko rin daw. Nalungkot ako sa totoo lang. Sayang kasi ang nasimulan. BUFS lang ang kaisa-isang unibersidad sa South Korea na may degree program na Filipino major. Ganunpaman, program naman nila ito, so bahala sila sa trip nila. Sabi ko sa dean, paano yun? Dalawa sa mga kurso ko ay kadalasang mga first year ang nag-eenrol. Babawasan daw ang suweldo ko. Sa kompyutasyon ko, 35% sa gross salary ko ang maglalaho. Kung tutuloy pa akong magturo sa susunod na semestre, makakaipon pa ba ako? May maisusubi pa ba ako para sa pamilya ko sa Pilipinas? Lalo pa't ang isang kilo ng liempo sa South Korea ay nasa 1,200 pesos.

Ayoko na sanang bumalik sa Pilipinas. Mas safe ako sa Busan. Palpak ang Pilipinas sa COVID-19. Sa totoo lang, handa na akong magmukhang masama dahil pinaplano ko nang huwag bumalik bilang asawa at ama. Nag-iisip na ako ng kung anong-anong dahilan na sasabihin sa pamilya ko: kayo na lang ang kukunin ko rito, o magpa-factory worker na lang ako rito. Bahala na si Batman. Hindi ko alam. Ngunit Disyembre nang magpaalam na ako sa BUFS na uuwi na lang ako. Uuwi: ibig sabihin hindi para mag-winter vacation, kundi magre-resign na lang bilang visiting professor. Hindi naman ako siguro bad shot sa kanila kahit may isang

semestre pa akong natitira sa kontrata ko. Tinimbang ko na ayos na yung suweldo ko sa UP, kasama ko naman ang pamilya ko. Mukhang lugi ako kung mananatili pa ako ng isang semestre sa Busan na bawas ang suweldo. Para sa akin, naging mabuti naman akong guro dito kahit papaano, tama na yon. Bahala na sila kung sino ang magtuturo ng wikang Filipino sakaling may mag-enrol pag-uwi ko.

Puno ang flight KE632. Bukod sa obsessive-compulsive at paranoid na naman ako, balisa ako sa mga mangyayari sa akin. Takot akong ma-swab. Pero mas takot akong magka-COVID sa Pilipinas. Kung puwede lang huwag nang magbayad ng tax, saan ba kasi napupunta yon? Naisip ko yung isa kong reading para sa Fil 40 na "wika at nasyunalismo." Hindi ko na yata alam paano ituturo iyon.